# *Benepisyo para sa Scholarship*
# *Impormasyon sa suporta sa sambahayang may biglaang pagbabago sa kita*

Ang Shiga Prefectural Board of Education ay magbibigay ng "benepisyo para sa schorlarship" **na hindi na kailangan isauli** sa mga tagapangalaga at iba pa ng sambahayang may mababang kita (may tax rate sa kita sa prefectural at municipal tax na 0 yen (tax-exempt)), na may estudyante sa high school na pumapasok sa pampublikong high school at iba pa.

Ang mga katumbas na tax-exempted na sambahayan dahil sa kadahilanang pampinansyal dulot ng biglaang pagbabago sa kita tulad ng pagkawala ng trabaho at iba pa ng tagapangalaga ay karapat-dapat din para sa pagbabayad. Kaya mangyaring tingnan ang ibaba kung nalalapat.

※Kung ang tax rate sa kita sa prefectural at municipal tax sa academic year ng aplikasyon ng tagapangalaga at iba pa ay 0 yen (tax-exempt), mangyaring mag-apply para sa taunangpagbabayad.

## 1 Mga karapat-dapat

**Mga tagapangalaga at iba pa ng sambahayan na nakatugon sa lahat ng mga sumusunod na kwalipikasyon sa pamantayang petsa**

Pamantayang petsa:

Para sa biglaang pagbabago sa kita bago mag Hulyo 1, sa Hulyo 1 ng academic year ng aplikasyon
Para sa biglaang pagbabago sa kita mula Hulyo 2, sa unang araw ng kasunod na buwan ng araw ng aplikasyon (kung ang araw ng aplikasyon ay sa simula ng buwan, sa buwan ng aplikasyon)

- ●Sambahayang may estudyante sa high school na may kwalipikasyong tumanggap ng alinman sa high school tuition support funds, relearning support funds, o advanced course tuition funds
- ●Sambahayang may tagapangalaga at iba pa na may adres sa Shiga Prefecture
- ●Sambahayang **kinilalang katumbas sa tax-exempt ang kanilang tax rate sa kita sa prefectural at municipal tax sa kadahilanang pampinansyal dahil sa biglaang pagbabago sa kita** (kung may dalawa o higit pang tagapangalaga, sila lahat ay dapat katumbas ng mga tax-exempted.)

※Kung ang biglaang pagbabago sa kita ay nalutas bago ang napagpasyahan ang pagbabayad, maaaring hindi na maging karapat-dapat.

※Ang pag-alis sa trabaho na ang sanhi ay hindi sakuna at iba pa, (tulad ng pagreretiro) ay hindi magiging karapat-dapat.

※Kung gusto mong malaman ang higit pa tungkol sa Advanced course, mangyaring makipag-ugnayan sa high school at iba pa kung saan pumapasok.

**《Tinatayang taunang kita katumbas ng tax exemption》**

| Komposisyon ng sambahayan | Inaasahang kita |
|---|---|
| Sambahayang may 3 tao | Mababa sa **2,216,000** yen |
| Sambahayang may 4 tao | Mababa sa **2,716,000** yen |
| Sambahayang may 5 tao | Mababa sa **3,216,000** yen |

Kailangan ng kumpirmasyon

・Ang bilang ng miyembro ng sambahayan sa talahanayan na ito ay nangangahulugang kabuuang bilang kasama ang tagapangalaga, asawa na maaaring ibawas, umaasang kamag-anak. (Kahit pa naninirahan kasama ang lolo't lola ng estudyante, hindi sila kasali sa bilang ng miyembro ng sambahayan kung hindi sila umaasang kamag-anak ng tagapangalaga.)
・Kung ang estudyante sa high school ay may legal guardian, ngunit naninirahan kasama ang lolo't lola ng estudyante, pagpapasyahan depende sa kita ng legal guardian. (Hindi kasama ang kita ng lolo't lola.)

※Kapag tumatanggap ng welfare benefits (tulong sa pangkabuhayan), hindi magiging karapat-dapat para sa suporta sa sambahayang may biglaang pagbabago sa kita.

## 2 Halaga ng pagbabayad

Ang halaga ng pagbabayad dahil sa pagbabago sa kita bago mag Hulyo 1 ay ang halaga sa ibaba na talahanayan, at ang halaga ng pagbabayad dahil sa pagbabago sa kita mula Hulyo 2 ay ang halaga na kinalkula base sa araw ng aplikasyon (tingnan ang ※2 sa ibaba ng talahanayan).

| Klasipikasyon | Halaga ng pagbabayad |
|---|---|
| Full-time course<br>Part-time course | **143,700** yen |
| Correspondence course/advanced course | **50,500** yen |

※1 Kung gusto mong malaman ang higit pa tungkol sa Advanced course, mangyaring makipag-ugnayan sa high school at iba pa kung saan pumapasok.

※2 Kung ang aplikasyon ay dahil sa biglaang pagbabago sa kita mula Hulyo 2, kakalkulahin ito ayon sa bilang ng buwan mula ang buwan kasunod ng araw ng aplikasyon bilang prinsipyo.

(Hal.) Aplikasyon sa Setyembre para sa unang tao para sa full-time course
→ **143,700** yen x 6 buwan (Oktubre hanggang Marso ng susunod na taon) / 12 buwan = **71,850** yen

## 3 Paano mag-apply

○Pagtanggap ng aplikasyon

Biglaang pagbabago sa kita bago mag Hulyo 1: **Mula Hulyo 1 ng academic year ng aplikasyon hanggang Hulyo 31**

Biglaang pagbabago sa kita mula Hulyo 2: **Mula Hulyo 2 ng academic year ng aplikasyon hanggang Enero 20**

※Ang halaga ng pagbabayad ay nag-iiba depende sa panahon ng aplikasyon.

○Paano mag-apply

Ihanda ang mga kinakailangan dokumento at **isumite ito sa high school at iba pa na pinapasukan**

Ang mga application form at sample kung paano ito sulatan ay ipinamimigay sa mga paaralan. Gayundin, maaari itong i-download mula sa website ng Board of Education.

◆Para sa mga katanungan

Mangyaring makipag-ugnayan sa high school at iba pa kung saan pumapasok.